JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinpyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Husaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhawahunon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

4

# MUSIC

## Ikatlong Markahan – Modyul 2:
## TATLONG ELEMENTO NG MUSIKA



**Pangalan ng Mag-aaral:** ______________________________

**Baitang at Seksyon:** ______________________________

**Paaralan:** ______________________________



# Alamin

Magandang araw mga bata!

Bibigyang kahulugan sa yunit na ito ang isa pang elemento ng musika na tumutukoy sa uri ng tunog o tinig. Ito ay tinatawag na *timbre*. Ito'y maaaring mabigat o magaan, mataas, matinis, malambing, maindayog, mataginting, makalansing,bahaw o sintunada na maririnig sa pag-awit at sa pagtugtog. Sa kabilang dako, ang mga instrumento ay binubuo ng mga pangkat na: String/Chordophone, woodwind at brass/aerophone, percussion/idiophone at membranophone. Sa huling bahagi ng yunit ay mararanasan natin ang pag-awit nang may kaukulang lakas o hina, dymanics ang tawag dito.Sa araw na ito matututunan ninyo ang sumusunod na mga layunin:

1. Nakikilala ang kaibahan ng vocal at instrumental na tunog sa pamamagitan ng pakikinig ng mga awit o tugtugin para sa solo, duet, trio at pangkatan. MU4TB-IIIe-2
2. Natutukoy ang mga pangkat ng mga instrument sa komunidada sa pamamagitan ng pakikinig at pagtingin. MU4TB-IIIf-3
3. Nagagamit ang dynamics sa isang musical score gamit ang simbolong p (piano) sa pag-awit at pagtugtug ng mga mga instrumento. MU4DY-IIIf-1
4. Nagagamit ang dynamics sa isang musical score gamit ang simbolong f (forte) sa pag-awit at pagtugtug ng mga mga instrument. MU4DY-IIIf-1



# Subukin

Sa pagsusulit na ito masusukat ang inyong kaalaman sa aralin ng modyul.

**Panuto:** Sagutin ng **TAMA** o **MALI**. Isulat lamang sa patlang ang sagot.

_______1. Ang tinig ng tao at tunog ng instrumento ay may iba't-ibang katangian.

_______2. Ang mga instrumentong hinihipan aerophone gaya ng woodwind, brasswind at kawayan ay nakikilala ayon sa kayarian at paraan ng pagtugtog nito.

_______3. Ang mga instrumentong string o chordophone ay maaaring tugtugin sa pamamaraang paghagod ng daliri at manunugtog nito.

_______4. Ang dynamics ang tumutukoy sa paglakas at paghina ng pag-awit o pagtugtog

_______5. Ang piano (p) ay ang malakas na pag-awit o pagtugtog.



# Balikan

Mga bata, alam kong napag-aralan nyo ang tungkol sa Form kahapon kaya sa pagsasanay na ito matutulungan kayong maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang kadalasang daloy ng himig ng consequent phrase?
   a. Inuulit
   b. papababa
   c. papataas
   d. hindi nagbabago

2.Saang bahagi ng musical score makikita ang coda?
   a. gitna
   b. simula
   c. katapusan
   d. simula at katapusan

3. Ano ang tawag sa panimulang himig ng isang awit?
   a. coda
   b. introduction
   c. melodic phrase
   d. rhythmic phrase

4. Paano mo matutukoy ang di magkatulad na parirala sa isang awitin?
   a. binubuo ng magkaibang rhythmic at melodic phrase.
   b. may pag-uulit sa mas mababa o mas mataas na tono.
   c. pangkat ng mga tono o himig.
   d.pangkat ng mga note at rest.

5. _________ ang tawag sa pangkat ng mga note at rest batay sa palakumpasan sa isang bahagi ng awit o komposisyon.
   a. rhythmic at phrase
   b. coda
   c. introduction
   d. timbre

| Aralin 1 | Tatlong Elemento ng Musika |
|---|---|



# TUKLASIN

**Panuto:** Pakinggan ang awiting "Little Band" (https;//youtu.be/cnPoswBk1yA) at sagutin ang mga sumusunod na tanong.




1. Ano ang napansin ninyo habang inaawit ang bahaging pambabae ng "Little Band", ang bahaging panlalaki? Habang sabay nilang kinakanta?
2. Tukuyin din ang tunog ng mga instrumento.
3. Ano-anong mga instrumento ang iyong naririning?
4. Paano mo makikilala ang kaibahan ng tunog ng mga instrumento at tinig ng mga taong kumakanta?
5. May narining ba kayong malakas at mahinang tunog o pag-awit?



# Suriin

Mga bata sa bahaging ito mauunawaan natin ang bagong konsepto ng mga kasanayan.

**Panuto:** Basahin at unawain ng mabuti ang talata.

Nakikilala ang kaibahan ng tunog ng mga instrumento at tinig ng mga taong kumakanta dahil sa kanilang kakaibang katangian o kulay ng bawat tunog gaya ng makapal,matinis,malambing, magaan, mataas, maindayong, mataginting at makalansing. Ang elemento na tumutukoy sa uri ng tunog o tinig ay ang *Timbre*. Kung may pagkakaiba-iba sa tinig ng mga taong nagsasalita ay mayroon ding

pagkakaiba-iba sa tinig ng mga taong umaawit. Katulad din ito ng mga instrumeto. Ang mga instrumento ay binubuo ng mga pangkat na: string/chordophone, woodwind at brass/aerophone, percussion/idiophone at membranophone. Ang mga instrumentong string o chordophone ay maaaring tugtugin sa pamamaraang paghagod ng daliri (strumming), pagkalabit (plucking), o paghilis ng arko (bowing). Ang woodwind at brass ay pangkat ng mga instrumento ng hinihipan. Ang woodwind ay instrumentong nagtataglay ng reed,isang hipan gawa sa manipis na kawayan at brasswind ay instrumentong yari sa tanso. Ang instrumentong percussion o idiophone ay tinutugtog sa pamamaraang pagpalo, pagpukpok, paghampas,pagtapik,pagtatama o pagkalog.Ito ay nakikila ayon sa uri ng tunog: may tono o walang tono.Sa paggamit ng *dynamics* mas nagiging kaakit-akit din ang pag-awit at pagtugtog kung may damdamin na maririnig.Ang mahinang pag-awit o pagtugtog ay tinatawag na piano (*p*) at ang malakas na pag-awit o pagtugtog ay tinatawag na forte (*f*).



# Pagyamanin

**Panuto:** Pakinggan ang awitin at tukuyin ang uri ng tunog o tinig, pangkat ng mga instrumentong ginamit at ang linyang may malakas at mahinang pag-awit.

1. Mga batang kumakanta ng "Happy Birthday" (https://youtu.be/yqztQ6BWPKc)
2. Awitin ni Sarah Geronimo (https://youtu.be/YQILKK5d4i8)



# Isaisip

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong

1. Paano mo nakilala ang kaibahan ng tunog ng mga instrumento at tinig ng mga taong kumanta?
2. Sa anong pangkat nabibilang ang mga instrumentong tinutugtog sa pamamagitan ng paghagod ng daliri,pagkalabit o paghilis sa pamamagitan ng arko?
3. Ilarawan ang mga instrumentong kabilang sa pangkat ng woodwind?brasswind?
4. Paano tinutugtog ang mga instrumentong percussion?
5. Ano ang dynamics?
6. Ano ang *piano*? *forte*?



# Isagawa

**Panuto:** Ibigay ang tamang sagot

1. Sa awit ni Lea Salonga na “ The Journey” (https://yputu.be/VHPST1bRJ9w) ilang tao ang umaawit?_________________.
   Tunog ba ng mga instrumento o tinig ng tao ang iyong naririnig?_____________________
2. Magbigay ng isang mang-aawit na may makapal na katangian ng boses._______________________________.
   Mang-aawit na may mataas na tinig sa pag-awit___________________________________
3. Ano ang simbolo na ginagamit sa pag-awit o pagtugtog nang mahina?_________
4. Ilarawan ang tunog ng mga instrumentong percussion._____________________________________
5. Sa anong pangkat nabibilang ang mga instrumentong tinutugtog sa pamamagitan ng pag-ihip sa isang butas sa gawing dulo ng katawan nito? _____________________



# Tayahin


**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot


1. Ano ang tawag sa elemento ng musika na may kinalaman sa uri at katangian ng tinig ng isang tao o sa uri ng tunog ng isang instrumento?
   a. Form  b. Melody  c. Timbre  d. dynamics

2. Anong pangkat ng mga instrumento ang tinutugtog sa pamamagitan ng paghagod ng daliri,pagkalabit o paghilis ng arko?
   a. Woodwind  b. string  c. percussion  d. brasswind


3. Paano aawitin ang bahagi ng awit na kakikitaan ng *p*?
   a. Mahina  b. malakas  c. mahinang-mahina  d. malakas na malakas

4. Alin sa mga instrument ang nabibilang sa instrumenting percussion?

   a. 

   b. 


   c. 

   d. 


5. Anong elemento ng musika ang tumutukoy sa lakas at hina ng pag-awit at pagtugtog?
   a. Form  b. dynamics  c. rhythm  d. timbre



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gawin ang sumusunod:

1. Iguhit ang iba't ibang pangkat ng mga instrumento.



# Susi sa Pagwawasto

**Isaisip**

1.Nakikilala ang kaibahan ng tunog ng mga instrumento at tinig ng mga taong kumakanta dahil sa kanilang kakaibang katangian o kulay ng bawat tunog gaya ng makapal,matinis,malambing,magaan,mataas,maindayong,mataginting at makalansing.
2.Ito ay nabibilang sa pangkat ng mga instrumentong string/chordophone
3. Ito ay binubuo ng mga instrumentong nagtataglay ng reed,isang ihipang gawa sa manipin na kawayan na nilalagay sa pagitan ng mga labi.kabilang sa pangkat na ito ay ang instrumentong flute,clarinet,oboe,bassoon at saxophone.Ang brasswind naman ay mga instrumentong yari sa tanso.Kabilang sa pangkat na ito ay ang trumpet,trombone, french horn at tuba.
4. Ito ay tinutugtog sa pamamagitan ng pagpalo,pagtapik,pagkalog at pagtatama upang tumunog.
5. Ang dynamics ay tumutukoy sa paglakas at paghina ng pag-awit o pagtugtog.
6. Ang piano ay ang mahinang pag-awit o pagtugtog at ang forte ay ang malakas na pag-awit o pagtugtug.

**Tayahin**
1. c
2. b
3. a
4. d
5. b

**Isagawa**
1.
2.
3. *p*
4.matinis,makapal
Mataginting
5.Aerophone

**Balikan**
1. B
2. C
3. B
4. B
5. A

**Subukin**
1.Tama
2.Tama
3.Tama
4.Tama
5.Mali

# Sanggunian

Musika at Sining-Ikaapat na Baitang Patnubay ng Guro pah. 104-133 at Kagamitan ng mag-aaral pah. 78-103

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat: Hangeline H. Dundain**
**Editor: Shiela V. Lamuna**
**Tagasuri: Elsa A. Usman**
**Tagaguhit:Marilou SJ. Balber**
**Tagalapat: Hangeline H. Dundain**
**Tagapamahala:** Julieto H. Fernandez, Ed. D., CESO VI
SDS-Isabela City
Maria Laarni T. Villanueva, Ed. D., CESE
ASDS-Isabela City
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor
Jani P. Ismael, EPS-MAPEH, Module Coordinator

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our…
Eden...
Land...